
繁體中文
简体中文
Español
Tiếng Việt
Tagalog
한국어

# Route 19 Bus Priority Upgrades



Para sa mga tanong tungkol sa mga pagbabago sa bus stop, mag e-mail sa buspriority@translink.ca

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bus lanes, bisitahin ang **vancouver.ca/kingsway-transit**

CITY OF VANCOUVER

T

Ang #19 ay ang pinaka-busy na bus route sa rehiyon. Ito'y nagsisilbi sa mahigit sa 4 na milyong biyahe bawat taon at hinahatid nila ang libu-libong sumasakay sa pagitan ng Metrotown at Stanley Park; pero madalas din itong may delay.

**Sa simula ng taóng 2026 at sa tulong ng City of Vancouver, aming gagawing mas mabilis at mas maasahan ang mga biyahe. Sa Route #19:**

- 1 sa 3 bus ang off-schedule
- Mga 70% ng bus stops ay mas malalapit sa isa't-isa kaysa sa inirerekomenda, kaya't mas madalas na tumitigil ang mga bus.
- Ang mga bus ay tumitigil nang hanggang 112 beses sa isang round trip kaya ito'y naaantala at napupuno ng mga tao.

Kapag hindi mahulaan kung kailan darating ang mga bus, namimiss ng mga pasahero ang kanilang mga kasunod na koneksyon kaya't naghihintay sila nang mas matagal.

## Ano ang Plinaplano

**Pahuhusayin namin ang transit sa corridor sa pamamagitan ng iminumungkahing:**

- Pagtanggal ng hanggang 17 bus stops sa pagitan ng Boundary at Stanley Park
- Pagdagdag ng 5 bagong bus stops malapit sa mga popular na destinasyon at pagdagdag ng signalized crosswalks
- Pagpapahaba ng mga bus lane at pag-upgrade sa mga interseksyon sa Main Street at Kingsway

**Kapag mas kaunti at mas mainam ang mga distansya ng bawat bus stop sa isa't isa:**

- Magiging mas mabilis at mas maaasahan ang mga biyahe, at mababawasan ang paghihintay
- Mas madali ang mga koneksyon
- Mas ligtas at mas accessible ang mga lokasyon ng bus stops

Mahigit sa 90% ng mga sumasakay ay patuloy na gagamit sa kanilang mga kasalukuyang bus stops. Kapag nagbago ang isang bus stop, ang susunod ay hindi lalayo sa isang block.




## Mahalaga ang inyong feedback!

I-scan ang QR code o kaya'y bisitahin ang **translink.ca/route19** para gawin ang survey hanggang sa Nobyembre 9